

The Project Gutenberg eBook of Ang Katipunan, by G. B. Francisco

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Ang Katipunan

Author: G. B. Francisco

Release date: November 29, 2004 [EBook #14205]

Most recently updated: December 18, 2020


Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad and PG Distributed Proofreaders. Produced from page scans provided by University of Michigan.

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ANG KATIPUNAN ***

[Transcriber's note: Tilde g in old Tagalog which is no longer used is marked as -g.]

[Paalala ng nagsalin: May kilay ang mga salitang "ng, mga," at iba pa upang ipakita ang dating estilo sa pag-sulat ng Tagalog na sa ngayon ay hindi na ginagamit.]



ANG KATIPUNAN

ALIWAN NA MAY DALAUANG BAHAGUI

TUGMA NA SINULAT NI

Gabriel Beato Francisco

Nangyari sa pulo nang Lusong nang taong 1896

ICATLONG CASULATAN

MAYNILA

Limbagan nang: "La Democracia," Villalobos, 5 Quiapo.

1899.

Lumabas nang minsan sa Teatro Oriental

Ang may-ari ay natatahan sa daang S. Fernando, ika 16 na bahay, Binundoc at sa ika 4 na bahay, nayon nang San, Roque, Sampalok.

Ang aliwang ito ay nalathala na sa pamahayagang
ANG KAPATID NANG BAYAN.

Talaan ng Nilalaman

UNANG BAHAGUI

UNANG DIGMA

ICALAUANG DIGMA

ICATLONG DIGMA

IKAAPAT NA DIGMA

ICALIMANG DIGMA

ICAAANIM NA DIGMA

IKAPITONG DIGMA

ICAWALONG DIGMA

ICASIYAM NA DIGMA

ICASAMPUNG DIGMA

ICALABING-ISANG DIGMA

ICALAUANG BAHAGUI

UNANG DIGMA

ICALAUANG DIGMA

ICATLONG DIGMA

IKAAPAT NA DIGMA

ICALIMANG DIGMA

ICAAIM NA DIGMA

IKAPITONG DIGMA

ICAWALONG DIGMA

ICASIYAM NA DIGMA

ICASAMPUNG DIGMA

UNANG BAHAGUI

Ang butod ng digmaan ay bundok: sa paanan nito ay pamumutihan nang cahoy na lanca sa may mga buña at bañgin na sagana sa baguing na cun tatanauin sa ibaba ay may lansañgan. Pagcahau nang telon ay aautin ang *CANTO NACIONAL FILIPINO*.

Música.

Ina naming Filipinas
sa sandaigdiga'y hayag,
ang cayaman at dilag
ualang sucat macatulad.

Iyo namang caanacan
lahing sadya cung sa tapang,
di natatacot mamatay
at marunong magsangalang.

Caya cayo lilo't tacsil
na castilang sinuñgaling,
dapat bayaran sa amin
inyong mga pag alipin.

Lalo ang mga sucaban
na fraileng tampalasan,
ñgayon ay capanahunang
magbayad sa mga utang.

Pag-hinto nang-ait ay muling magsisitaban nang copa at saca paguiguitna ang calahatan.

Hablado.

**Josefo, Lusino, Kalingtong, Tomasa, Idéng at ilang mangluluas ng gulay,
na umaait hangang tumatacbo.**

UNANG DIGMA

Sila rin

JOSEFO.—Hali ... mga ale!...

LUSINO.—Dalí ... mamang cuán!...

KALINT.—Magsihimpil cayo! ... (

*ang katipunan ay naguupuan sa lilim
ng isang cahoy, at ng tauagan ang mga mangluluas ay nagtindigan*

)

—cami'y balitaan! ... ¿mayroong sundalo cayong nadaanan nacasabay

caya ó caya'y nasundan?...

TOMASA.—Uala po!... (

gulat.

)

JOSEFO.—Uala! (

uurong at bubunutin ang sundang

).

TOMASA.—(

gulat

)—Uala po!...

JOSEFO.—(

magara

)—Uala бага sa boong paglacad cayong naquiquita.

(

hahakbang

...)

TOMASA.—Uala po!...

IDENG.—Uala po!... (

gulat na gulat

)

JOSEFO.—!Maguing sa Barrancá at mga pilipil na daanan nila!...

TOMASA.—Uala po!...

IDENG.—Uala po!... (

gulat na gulat

)

JOSEFO.—(

paiquit

)—Cun gayo'y caiñgat yaong mga lilo, tacsil,

buhong, sucab dito sa pisao co at mahabang tabac.

TOMASA.—¡Ina co!

JOSEFO.—Icao ay inanó at na paina!...

LUSINO.—Magsilacad cayo at huag mañgamba at hindi aanhin naming

magcasama at ang madaana'y pauang mag-aadya.

TOMASA.—Cun gayo'y salamat!...

IDENG.—Cami po'y paalam!...

LUSINO.—Dios ang mag-in~gat sa boong lansañgan. (

Lalayo ng caunti

)

JOSEFO.—Catoto! ... catoto! ... sabihing maghintay at tayo'y humiñgi

ng canin at ulam.

LUSING.—Mga aling cuan! ... mañgag hintay cayo!...

KALINT.—Duluguí....

LUSINO. (

lalapit

)—Ibabá ... sunong na bilao at cami'y iuanan ng

itso't tabaco na sucat macain sa tahanang cubo.

TOMASA. (

Ibababa

)—Cayo po'y cumuha

KALINT.—Iuan na ang lahat.

LUSINO.—Huag baga naman at cahabag-habag

(

sa cay Tomasa

)

—Ito'y quilala co na maraming anac

(

sa cay Ideng

)

—Si comare naman ay may amang bulag.

JOSEFO. (

Cucuha sa bilao

)—Maraming salamat! ... salamat sa

inyo!...

TOMASA.—Cami'y lalacad na.

KALINT.—Mañgag tuling cayo.

(

Muling lalacad ang mga manglalacó.

)

ICALAUANG DIGMA

Josefo at Lusino.

JOSEFO.—Hindi nauucol cañgino mang tauo balamin ang duk-hang may laco
sa ulo.

LUSINO—¡Ano ang gagauin! ... tayo nama'y uala
ualang maibili at ualang masila
uala naman tayong sucat na magaua
sa mga mayamang lubhang masagana.

Caya ang marapat ating pagtiimin
bagang at panigbi na nagcacadiin
ang gauang masama na masamang gauin
ay ipaquibilang sa gauang magaling.

Yamang na rito na sa galás at gulod
na guinagalaan mailap na hayop
ang ating catauang sa palad ay capus
at hindi na mulat sa gubat at bundoc.

At cun tayo naman ay magpapabaya
sa lagay na yari na caaba-aba
ating tatamuhin sa guinala-gala
lasapin ang dalo'y malamig na luha.

At sa abang anyo di co acalain
matuyo ang damó na lagui sa lilim
uala namang inot, usala namang cusim
at ualang masabing nag gauad hilahil.

Liban sa nangyaring aco ay natacot
sa unós ng bagyong nacaquuilabot
caya sumaisip na bago macurot
pailanlang muna sa patoc ng bundoc.

At cung naacalang tutubo sa cutad
ang binhi ni ama sa punlang sincamas
daco aabutin ang pagcabagabag
at di sasapitin ang ganitong hirap.

Ñgayon co dinamdam ang saquit ng bato
cun tumitimo na sa talampacan co
ñgayon na danasan pagtulog sa cubo
at ñgayon lumacás ang aqing pagtacbó.

JOSEFO.—Aco caya naman dito ay sumapit
dahil sa hicayat ng isang caibig
ang mga tinuran ay napacatamis
at macahihibo sa pusong tahimic.

Aco na ñga sana'y di maniniuala

sa mga tinuran at isinalita.

LUSINO.—¿Baquin ca na tañgay ng dagta ng lanca?

JOSEFO.—Dahil sa mabaño ang buña sa lupa,

Na dili umano pilit magbubuig

dito sa Maynila puno ng lansones

cahiman bumaba hangang himpapauid

hindi tutulutan ng nunuñgong lañgit.

Na ang ibubuña maluoy sa uica

malunot sa sabi't mahulog sa lupa

caya mag tatamo ng mga biyaya

ang bauh't maglinang sa mga tumana.

At saca ñga ñgayon uala cahit isa

ang mayroon pusil at may escopeta

ualang cigarrillo, uala namang cuarta

at ang cabuhaya'y lanta pa sa lanta.

Caya ang marapat joh piling catoto....

tayo ay sumagui sa may Ermitaño

ó cun dili naman at loloobin mo

tayo ay pumaroon sa Byac-na-bató.

(
Muling magdadaan ang mga mangluluas ng gulay.
)

ICATLONG DIGMA

Lusino, Josefo, Kalingtong, Tomasa, Ideng at ilang maggugulay gaya rin nang una.

LUSINO.—¡Tigni ... mga mamá!...

JOSEFO.—Masdi ... mga ali!...

ang napadaluhong sa pagca lalaqui

cung mayroon muk-hang ipagcacapuri

sa Dios, sa patria at tauong marami.

Caya ang marapat mga mamang cuan

ang itapong tiñgin cami'y balitaan

ng inyong naguita sa buong lansañgan

mula sa cay Cubau at ibang daanan.

TOMASA.—Uala pong balitang sucat na masabi

liban na sa tugué na na ipagbili

ng higit at labis sa halagang dati

sa daan, sa bayan at hangang palenque.

LUSINO.—¡Ali! ... hindi yaon ang ibig na turan ng aking catotong

cadugtong nang buhay.

TOMASA.—¿At ano pong bagay?

LUSINO.—Cami'y balitaan, tuncol sa sundalong inyong na daanan.

TOMASA.—Mayroon po

LUSINO.—¿May sundalo ñga po бага?

TOMASA.—¡Siya ñga po! at na sa Baranca nañgag-uupuan ang magcacasama
at na sa cay Cubau ... ang canyo't bandera.

LUSINO.—Cun gayon catoto ay atin munang lisan

ang puno ng lanca't masayang batisan

ng upang tamuhin ang pagtatagumpay

sa bala ng mauser at iba pang bagay.

JOSEFO.—Cun siyang magaling....

KALINT.—Abata catoto!.... at narito na daw civil at sundalo may

canyon, bandera pimpiang at bombillo.

LUSINO.—¿Ano ang pasiya?

JOSEFO.—Magcubli na tayo sa gulod at galas mga cagubatan

LUSINO.—Ng upang madaquip ating macupohan duag na cazador at civil na
hunghang.

IKAAPAT NA DIGMA

Saca ang pinunong matapang sa patay.

JOSEFO.—Tanau! ... tanau't di pa gumiguití

puñgapong sa gubat at viga sa lati

ang mga sundalo'y nagcaguirigui

ng pagtatabuhan sa lunga'y pag oui.

¡Sinong mag-acalang ang tayog ng labong

tumuño sa lupa ng uala pang dahon!...

¿baquin caya бага biglang nalingatong

lahat ng casador ng ualang dagundong?

KALINT.—Marahil ang supot na pinag lalagyan

ng bala't pólvorang ipinamamayan

ay punó ng abó't ualang ilalaban

sa ating sundalo at bayaning cawal.

JOSEFO.—¡Di cung macaharap at tayo'y maquita

marahil ang tacbo ay laong lalo na

at ang masaguiang tauo, cahoy, vaca

mamatay sa ihet at sa pagtataua!...

¡Hindi co masabi na sa pagcaduag

sa macacalaban na uala pang armas

ó sa catacutan na baca mautas

ang hiniñgang tan~gan nacacauag-cuag!...

Sa pagcat ang guilas na ating quilala

sa mga castila na magcacasama

higuit sa bayani at lubhang bihasa

sa paquiquidigma at paquiquibaca.

At saca ñga ñgayon ganito ang tacot

sa mga calaban na na sa tugatog.

KALINT.—Caya ang marapat ihiñgi cay Santos ng bala at pólvora ang búroc ng itlog.

LUSINO.—¿Baquin caya baga ninasang mag tago sa bañgin at gubat ng higuit sa pugo.

ICALIMANG DIGMA

Josefo, Lusino at Kalintong

JOSEFO.—Dahil sa balita na biglang lumago sa pitak ng dibdib at na

abang puso.

LUSINO.—Ang magaling nito tayo ay gumaua

muog na mataas, matibay na cuta

sa tabi ng daan at piling ng langca

ng may pañgublihan ating mga digma.

Ng hindi mañganib sa tunog ng canyon

añgil ng mauser, siclab ng remington

sadyang pagtibayin at sa mga burol

ay may daang lihim na di manunuynoy.

JOSEFO.—Maiguing acala.

LUSINO.—Caya ang magaling

barreta at pala ñgayon din ay cunin

sa

Real batería

, at, ang unang hucayin

ang baybaying yaon. (

ituturo

)

JOSEFO.—Dito ipapaling

Pagcat may lusutang bañgin at batisan

sa luasan at hulo, sa caliua,t, canan

at may mga cahoy na lubhang malabay

na macalililim at may tatanauan.

Caya ang mainam ay mayroong isa

sa cahoy na ito na may larga-vista

ng upang mamalas at caniyang maquita

lahat ng darating na macacabaca.

Ang tatanod dito ay cung bababa man

ay pahahalili sa isang matapang

na di natatacot sa mga asuang

diwata at tictic, nuno,t, mangcuculam.

LUSINO.—Cun gayon catoto iyong ipag-utos sa mga bataang ganap na

sumunod.

ICAANIM NA DIGMA

Sila rin, si Tibó at ang cawal.

JOSEFO.—¿Nañgasaan cayo?

TIBÓ.—Cami po'y lincod sa lahat ng bagay na maipag-utos

JOSEFO.—Ang tactac at punque, pala at barreta

ay inyong caunin na magcacasama

tuloy na ilaquip ang palihoc at caua

ng may paglutuan itong ating tropa.

TIBÓ.—Sa lilim nang atas cami,i, uma ayos (

aalis

)

KALINT.—Cahimanauari, sa inyong pag sunod sa utos ng puno cayo,i, mga

tampoc at ang mga butse'y humiguet sa manoc.

IKAPITONG DIGMA

Lusino, Kalingtong, Tibó at ang cawal.

TIBÓ.—Nañgagsidating po ang pinag-utusan.

LUSINO.—Ang burol na yaon ang siyang tayuan ng muog at cutang

macasasangalang sa hocbo at digma ng lahat ng caual.

JOSEFO.—Sumulong na cayo,t humucay ng balon,

gumaua ng lapát, tumaga ng cahoy,

magsalá ng patpat, ang bato'y ubunton

ng hindi masira sa bala ng caniyon.

Subu'i! datapua!...

(

lalabnutin ang buhoc

)—¡ualang magagaua!...

¡huag sasayañgin ang ating adhica!...

¡huag acsayahin pagod sa acalá

ng macapagtayo ng muog at cuta!...

¿Cun ang itutulo ng paus sa hucay

ng sancá sa cuta ay maipagpantay

ng bundoc at burol na matataniman

ng café, abacá at ibang halaman?

¿Di caya mag-ani ng maraming pilac

mahitic na puri't masaganang hiyas

at sa haharapi'y ating mamamalas

ang buig ng tua sa sañga ng galac?

O cun dili caya'y ating ipagtanim

sa buquid, tumana at mga caiñgin

ng palay at tubó, úbe, gabe,t ságuing

sa taong susunod daming aanihin.

At sa haharapin, isang piquit-mata

ay may titibaing puno ng abacá

may buñga ang café't ang puno ng manga

ay hitic na hitic ang lahat ng sañga.

Subali sa cuta mataas na muog

pagod, camatayan siyang mapupulot

at ang pita't dadalhin ng culog

sa galás at parang, gulod at tugatog.

Ñguni! ñguni! ñguni! (*labnot din ang buhok*)

ito ang magaling

higuit sa halaman ating aanihin

walang pañginoong aalinsunurin

at ualang castilang sucat umalipin.

ICAWALONG DIGMA

Josefo, Lusino, Kalintong, saca si Tibó at ang cawal

JOSEFO.—Maa gaano caya ang taas at capal ng cutang na tayo sa may calunuran.

LUSINO.—Acó ay tatauag sa nañgag huhucay ng upang mataho,t, ating maalaman (
Hihipan ang silbato lilitao si Tibó
)

TIBÓ.—¡May ipag-uutos!

JOSEFO.—¿Naglagay ng pinit na sucat lusutan ang hañgin at inet cun бага sumagui ang mga balauis sa maog at cuta at mga belenes?

TIBÓ.—Opo!...

JOSEFO.—¿Mayroon gaano ang capal at taas ng cuta sa may calunuran?

TIBÓ.—Higui't tatlong vara't ang mga cauayan ay may isang metro ang baon sa hucay.

JOSEFO.—Cun gayo'y hauanan ang dacong itaas at saca patayin ang maquitang landas.

LUSINO.—Ng upang mádali caunin ang lahat na na aamulan sa punong

bayabas.

KALINT.—¡Sulong na! ... maglicsi! ... haluan ng tacbo.

TIBÓ.—¡Cayo'y aqing lisan!...

KALINT.—Lumacad na cayo!...

ICASIYAM NA DIGMA

Sila rin.

JOSEFO.—Capag na iba'ngon ang lahat ng ito

may catatagan na ang mga sundalo.

At di magagahis cahit pag-ubusan

ng maraming tucso na ating calaban

at di mapapasoc saan man magdaan

ang mga castilang tunay na caauay.

Liban cung magahol sa tinga't pólvora

at sa ... cani't ulam cung nag babaca na

subali sa tapang na aqing naquita

itac ay catimbang ng mauser nila.

At cun dili baga pauang magagaling

ang mga sundalo at bataan natin

ang guloc at pisao na tañging patalim

di maisusuro sa bala ng mauser.

Sa pagca't maicli't macaaabot

sa caya ng mixtong malacas sa culog

matulin sa quidlat at cung macatuhog

ang pambugang mansa'y caquilaquilabot.

Subali ang mixtong aqing isinaysay

at ang licsi, lacas, dahas, catapañgan

capag sinarili at pinanghauacan

pilit magagahis ng macacaaauay.

Caya ang marapat sa pagcat uala na

tayong gagamiti't gagauing sandata

liban sa itiric ang dalauang mata

sa nunuñgong lañgit at daquilang gloria.

At sa Dios Ama at Divino Verbo

sa Vírgen Santísima at lahat ng santo

ating idalañgin ang lahat ng ito

cahimanauari tayo ay manalo.

LUSINO.—Ang mauiuca co at maisasaysay

sa iyo catoto't piling caibigan

hangang masagunson bala ng calaban

mga bata natin padapain lamang.

Saca cung lumalo putoc na sagunson

isibasib nila tabac na pang-lulong

hangang sa tumachó yaong mga buhong

huag ititiguil ang tagang palacol.

JOSEFO.—Gayon ñga ang gaua! ... caya cung uariin

ng aqing pasiya, puso at panimdim

mga buhay nilang catulad ng atin

iniaalay na sa mga patalim.

At sa camatayan na lilibot-libot

sa bundoc, sa bayan at mga alaboc

na di tumitiquil sa mga pagdampot

sa buhay ng tauo na guising at tulog.

LUSINO.—Ang sa aquin naman na pagcacamasid

sa mga caauay:—¡cun ano ang bilis

ng bala ng mauser, gayon din ang inet

ng gato't pag ilas sa lauac ng buquid!

KALINT.—¡Tunay caya baga lahat ng sinaysay

ng mga catoto't aqing caibigan

¡marahil ay hindi! ... ¡pauang cabambanan

at ang ibang turing ay capalaluan!...

ICASAMPUNG DIGMA

Sila rin, saca si Tibó at ang cawal.

TIBÓ.—Inyo pong dalauin ang cuta at muog na lubhang mainam ang

pagcacaayos.

JOSEFO.—¿Tunay?

TIBÓ.—Tanauin mo po at macalulugod ang taas at capal, catulad ng

gulod.

JOSEFO.—Cung gayon ay bigyan ng hitso't tabaco

ang lahat ng cawal na doo'y dumaló

dalhan pa ng alac na na sa sa frasco

Jerez, Manzanilla at anis del mono.

(

Ipagcacaloob sa cawal ang lahat ng itó

)

TIBÓ.—Salamat! salamat!

KAWAL.—Mabuhay! mabuhay! ang ating pañgulo at bunying general!...

KALINT.—Hayo sumulong na! ang pagsusunuran ang inyong gagauin

magpacailan man.

JOSEFO.—Yamang na bañgon na ang muog at cuta

ng magcacapatid na aba at duc-ha

sa awa ng Dios at Poong daquila

na dunong tumiñgi't paham cumaliñga.

Tayo namang lahat magtica't manalig

sa lahat ng santos at mga angeles

ng upang abutin ang pita at nais

sa dacong ibayo ng mga pañganib.

LUSINO.—Ang lalong mabuti tayo ay maghalal

isang pintacasing madadalañginan

sa lahat ng oras at sa paglalaban

ay iadya nauá sa mga caauay.

JOSEFO.—Cung gayon ang dapat ang ibunyi natin

angel ng príncipeng San Miguel Arcangel

ang siyang ihayag sa puso't panimdin

at siyang daiñgan saan man pumaling.

Sa pagcat ang tapang ng principeng bunyi

sa lañgit at lupa ay di nagsagabi

at sa paglilincod sa Hari ng hari

palalong si Luzbel ay inalugami.

Sa hirap, sa hapis at sa caabaan
at pinagpagdusa caloloua,t, catauan
sa alab ng apuy at sa casanaan
punong sinusunod noong mga hunghang.

Na mga demonio.

KALINT.—¡Mabuti!...

LUSINO.—¡Magaling!...

KALINT.—Maigueng pasiya ... at sa anting-anting na aking iniñgat ...

na aayon mandin!... ang magandang atas dapat nating sundin.

JOSEFO.—Cun ang pasiya co ang paaayunan

si Chito ang ating suutan't gayacan

sa pagcat ang sabi at uica sa tanan

siya'y may daluping pinanghahauacan.

Na cun ga totoo ating masusuboc

sa paquiquibaca at paquiquihamoc

sa loob at labas ng alin mang muog.

CHITO.—Sa bundoc, sa bayan, sa lupa't sa dagat

cun sa aking galíng sila'y magugulat

sa hacbang, sa uacsí, sa acma't pagdilal

ng dalauang mata ... ! yao na ang quidlat.

Na aqing dalupi at ang anting-anting
cun siyang umiral ay lalong magaling
dahil sa itaas, boong pañgonorio
ay malalaro cong catulad ng hañgin.

KALINT.—Marahil totoo,t may catotohanan ang mga sinabi nitong
caibigan.

LUSINO.—Ng ating masuboc ñgayon din suutan saca paliparing tulad ng
asuang.

ICALABING-ISANG DIGMA

Sila rin.

JOSEFO.—¡Hayo na! ñgayon din! ... Icao ay magsuot
ng gayac Arcangel, príncipe ng Dios
ng upang magligtas ang boong tugatog
sa bala ng Mauser at mga dayucdoc.

(
susu-utan
)

CHITO.—Sa aquin ay bagay ang gayac na ito.

KALINT.—Di nababagay sa iyong pagcatauo.

CHITO.—¿Baquin baga hindi ibig na catoto?...

KALINT.—Dahil sa caduagan at icao'y tatacbó,

sa siclab ng gato at haguing ng bala

at sa maaamuy baho ng pulborá

lalo kung saccsaquin ng macacabaca.

CHITO.—¿Di baga talos mo na di nagugulat

sa tonog ng culog at ningning ng quidlat

at di natatacot sa macacalamas

na may itác, pusil at anomang tabac?

KALINT.—(

Sa calahatang tauo

) Matindi ang cábag nitong si catoto!...

at masamang hañgin ang na sa sa ulo!

CHITO.—Ng iyong masuboc mga sinabi co damputin ang pusil ...

subuqing totoo!...

KALINT.—Ibig mo

CHITO.—Subuquin cung iyong tatablan ng tagá at saccsac at balang

maañgal.

KALINT.—Cung lumilipad na iyong mga bagang mangyayari caya muli pang

mabuhay?

CHITO.—Huag ang catauan ang iyong subuquin

cung mayroon tacot hinayang sa aquin

ang iyong unayan ng tagang madiin

itong baluti co na may anting-anting.

At cung hindi tablan ng taga at sacsac

ay iyong barilin ng sa boong dahas

ng upang matalos ang buti cong hauac

at ng maniuala ang macamamalas.

KALINT.—Tignan co! tignan co! aquing susubuquin

ang daluping ito na lubhang magaling

ng nawa'y mahai ang dauag sa bañgin

na nacasusucal sa iyong panimdim.

(

*Tatabanan ang pusil at ang dalupi ay ilalagay na mabuti at saca gagauaran ng putoc. Pagcahau
ng tunog ay tataua at sasayao si Chito sa pagcat hindi tinablan.*

)

CHITO.—Cahiman mag-ubos ang galing at buti

hindi magcacagahi ang pagcalalaqui

di magugutlian ang taglay na puri

di masusugatan ang pagcabayani.

KALINT.—Diyata! diyata! hindi co tatablan

ang daluping itong ualang cabuluhan

asahan catoto abó na ñgang tunay

itong baluti mong pinacacamaha.

(

Muling gagauin ang pagsuboc, pasayao at pagtaua ni Chito.

)

LUSINO.—Aco ñga! aco ñga! ang iyang susuboc sa anting-anting mong

pina-iimbulog.

CHITO.—Sa iyo'y sucat na ang galing sa bucboc at mulá sa lamgam,

maliit na lamok.

(

Itatago yaon, hahalinhan ng ibang balut at sa pagpipilit ni Lusino na yan din ang caniyang masuboc ay aabutin ng pagbababa nang telon.

)

ICALAUANG BAHAGUI

Mga katipunan: ang ilan ay naglilinis ng pusil, ang ilan naman ay nagsasayauan at nag-aauitan at ang ilang babaye ay naliligo sa batis.

Hablado

UNANG DIGMA

Si Chito ay gayac lacayo, caya ñga ang cuaco at calicot ay capua biyas ng cauayang malaquit at papasoc ng papatacbo.

CHITO.—Magsiquilos cayo at nañgarito na culog sa Cartago at lentic sa

Grecia. (

Magugulo ang sayauan.

)

LUSINO.—¿At saan na roon?

CHITO.—Sa Real batería.

(

Ang putucan ay maririñgig mula sa loob.

)

LUSINO.—Tauaguin sa batis ang mga babaye.

KALINT.—¿Ano?

LUSINO.—Caunin mo ang sinta co't casi na na sa batisan casama ng ale

at dalauang bata na capua lalaqui.

JOSEFO.—(

Papasoc na nag-cacandarapa

)

Magmadali cayo at nañgarito na

ang mga sundalo, casador at guardia

ang na sa cataua'y mauser at pistola

mayroong músico, tambor at corneta.

DÁMASA.—¡Ina co!

DORAY.—¡Ay Dios!

JOSEFO.—Huag cayong matakot

huag pahinain ang sariling loob

sa nayon, sa bayan, sa parang at bundoc

ay may camatayan na lilibot-libot.

KALINT.—¡Sulong na! (

Cay Dámasa

)

DÁMASA. (Sa mga bata)—¡Mag-madali, mga anac co tayo'y aabutin ng mga

sundalo

DORAY.—¡Ang aking blanquete!

IDENG.—Ang aking postizo.

CHITO.—¡Ang aking calicot! ... at ... ang aking cuaco

KALINT.—(

Sa mga babaye

) Anong na isipa't, cayo ay sumunod sa hihip

ng hañgin na mulá sa timog?

CHITO.—Dahil sa ... panibugho at sa pagseselos at ang calandian ay

dalhin sa bundoc.

DORAY.—¡Oho!

CHITO.—Tila hindi!...

KALINT.—¿At saan pa baga?

CHITO.—Sa panibugho ñga sa sintang asaua

(
Putucan sa loob ng digmaan, si Doray ay magtatabon ng layac
).

DÁMASA.—¡Lusino! ¡Lusino! ¿nasaan ca baga?

¡icaw ay umilag sa ulan ng bala!...

¡Lusino! ¡Lusino! cami ay itago

sa cugon, talahib at layac na tuyó.

LUSINO.—Dito magsihiga! ... sa pagcat malagó ang luya luyaha't

naglauit ang dapo (

Putucan

).

—Subsob na Dámasa!

DÁMASA.—¿Saan baga Sinong?

LUSINO.—¡Dito sa talahib! ... dito! dito! dito! iyo ng isubsob

matigas mong ulo (

Mahihiga at tatabunan ng layac

)

DÁMASA.—Lusino, halica! ¡halica Lusino!

LUSINO.—Aco ay narito sa puno ng manga itupi ang bibig huag

mag-alala.

CHITO.—Cahit humahañgi't umulan ng bala iyong panibugho'y hindi na

nag baua.

ICALAWANG DIGMA

Si Chito ay magtatabon na nacalitaw ang puit.

KALINT.—Yamang naliligpit ang mga babaye

tayo namang lahat sa gubat mañguble

pagcat ang calaban ay lubhang marami

at di mag gapi ng pagcabayani.

LUSINO.—Cun gayon ang uica ¡abata!

KALINT.—¡Abata!

CHITO.—Huag acong iuan! (

babañgon

)

LUSINO.—¡Huag cang sumama!

CHITO.—Aqing ilalaban calicot cong dala! ¿Ito bagang talim ng aqing

nalicot di maipapantay sa talas ng guloc?

KALINT.—Cung gayo'y abata!

CHITO.—Hintay mga irog at ang aqing cuaco ay nag-iinusoc (

Sususuhan

at saca hihititin

)

KALINT.—¡Madali!

LUSINO.—¡Madali!

CHITO.—Hintay cayo! hintay!

aco ay ñgañgaña ng upang tumagal

(
Babataquin ang languay at saca magcacalicot
)

at baca sacali tayo ay malaban

sa mga castila na pauang sucaban.

KALINT.—¡Madali!

LUSINO.—¡Madali!

CHITO.—Hintay! hintay cayo!

madaling maluba ang ikmong Patero

at cung malalaban mahiguit sa ikmo

ang aqing gagauin sa lahat ng lilo.

ICATLONG DIGMA

**Ang mga cazadores, civil, voluntarios at infantería ay masasalubong ni
Tecla at ni Paco.**

PEÑA.—Capagca umaga na macaliuay-uay

cami ay umalis sa cuartel general

na ang tica't nasa gubati't looban

lahat ng himacsic sa bundoc at parang.

Unang dinaana'y ban~gin, sapa, gubat,
matulis na bató, matinic na dauag
na sa baua't hakbang ay may nadudulas
at may nadadapa sa lumot at lusac.

Dahil sa sinagui nayong Balangutan
na sacop ng Turic, lupang Capampañgan
hangang sa sinapit patoc ng Magalang
na lubhang mataas, malapad ang parang.

At sa laquing pagod sa pagcacalakad
sa buquid, sa parang, sa gulod, sa galás
ng aming sapitin licod ng Arayat
di na macahakbang ang paa sa dulas.

Caya sa pag hacbang at mga pag liñga
sa bañgin, bulaos, sapa at tumana
cung aco'y maluhod at saca mahiga
hindi co na ibig bumañgon pang cusa.

At sa gayong hirap uala cahit isa
matanaw na tauo at ualang maquita
isa man lang cubong mag-gauad guinhaua

sa malaqing pagal na aming dinala.

Subali mayroon coming naririñgig
na putoc at siclab sa mga talahib
dapua hindi naman abutan ng masid
at hindi matunton ang landas at batis.

Sa gayon ng gayon ibinalic cami
sa dacong hilaga, nugnog ng Camansi
ng uala rin namang maquitang bubuli
siya ñgang pag-oui cahit hating-gabi.

PACO.—Cun gayo'y humimpil at magpahiñgalay ng upang mahai ang
matinding pagal.

TEKLA.—Tayo ay humapon at may nalalaan na caunting caya sa tahananang
bahay.

ICAAPAT NA DIGMA

Dámasa, Doray, Kalintong, Nonato, Chito.

DORAY.—Mabuti at hindi aco'y na yuracan
ng mga sundalo ng sila'y magdaan
at di man naquita ang paa at camay
doon sa bulaos na quinasubsuban.

KALINT.—Cun hindi magaling ang aqing tagalpo marahil na sagui sa
pagcacatago.

NONATO.—Ang aqing balani cun di naisubo tayo ay binañgaw at ñgayo'y
mabaho.

CHITO.—Cun ako'y quinilos ay naquita sana
ng mga sundalo ang dahas at sigla
at tuloy na suboc ang aqing sandata
talim ng calicot higuít sa muhara.

(
Saca bubunutin ang talim ng calicot.
)

¿Dito baga caya ay may pananalo
bayoneta, sable at armas de fuego?
sa banta co'y hindi ... lalo,t, cun ang itso
ay aqing bayuhin sa anyo cong ito.

(
Maninincayad saca magcacalicot.
)

At cun di matacot silang calahatan
sa aqing calicot na cahahañgaan
ito namang cuaco siyang sususuhan
hangang sa umalis at mañgagtabuhan.

DÁMASA.—(

Papasoc ng papatacbó at acay ang mga bata

) Dañgan ito!

(

babatucan si Chito

)

CHITO.—¿Baquin?

DÁMASA.—Dahil cay Cundendeng

at cay Lusinong nagtago sa bañgin

na di mailayo at casiping-siping

tulad sa pistola at sa pasang pusil

(

Si Chito ay mapapataña

)

Sa pagcahiga co sa pinagtaguan

aquing naquiquita lahat ng mag daan

caya n~ga marami ang dami ng hilang

ng mga sundalong pauang sandatahan.

Sa bagay na yaon aco'y umaasa

di na mabubuhay, di na magquiquita

n~guni si Lusino ang na ala-ala

cung aquing maiua'y ¡pano caya baga!...

CHITO.—¡Si Lusino! ¡at si! ... (

taua

) caya di lumapit

sa inyong mag ina na na sa pañganib
dahil cay Cundendeng sininta ng labis
at di mailayó sa caniyang titig.

Caya ñga cagabi siya ang casama
at doon nañgubli sa puno ng manga
at pagcacamulat ng canilang mata
ang unang ininom ay gatas ng vaca.

DÁMASA.—Tunay ñguni baga ang iyong sinaysay

DORAY.—¡Aba! oo! ... aba! at sa catunayan
hindi naquihamoc ng nag puputucan,
cami ni Kalintong ay pinabayaan.

Caya ng maubos ang aming municion
aming hinahanap laguing liniliñgon
yaong si Cundende ang cacandong-candong
pagcat umi-iñget at luluñgoy-luñgoy.

ICALIMANG DIGMA

Sila rin.

KALINT.—(
Papasoc ng papatacbo
) ¡inyo ñgang tanauin mga casi't ibig

at tila caauay itong nagbabalic.

DORAY.—¡Jesús co!

DÁMASA.—Jesus co! anong masasapit naming mag-iina? ... ¡mataas na

lañgit!...

DORAY.—¡Huag cang maiñgay!—¡huag cang cumibo!... ¡aquiring tanauin!

... (

tutuntong sa isang bato

).

DÁMASA.—(

Magugulat

)—¡Cami'y mag tatago sa gubat, sa bañgin at sa

dacong hulo ng bañgin ñgang itong maraeng lagulo!

DORAY.—¡Halica at hindi! ... at ang na sa una

ang iyong Lusino at ilang casama

na pauang may pasang pusil at sandata

at ang iba naman bitbit ay muhara.

DÁMASA.—Salamat cun gayon.

ICAANIM NA DIGMA

Papasoc si Lusino at si Beteng ay naca mambisa.

JOSEFO.—(

sa cay Lusino

)—;Catoto't caibigan!

mula sa malayo'y aqing natanauan

sinta mong asaua ay na hintacutan

sa mga sacuna at ating pagdatal.

LUSINO.—;Cung matalos caya ang ating na sapit sa sumaguing unos ay

hindi mahapis?

JOSEFO.—Marahil malunos at sucat maamis ang puso't panimdim na calong

ng dibdib.

LUSINO.—;Cung gayo'y ilihim! ... ;huag isalita ang boong nangyari sa

lilim ng lanca.

ICAPITONG DIGMA

Si Dámasa'y dudulog cay Lusino at cay Kalingtong

DÁMASA.—;Catoto at casi! ... ;batis ng biyaya

;aco ay haguisan ng ilang balita!...

Ng tungcol sa digma na nacalingatong

sa parang at bundoc at loob ng nayon

na dili umano cayo'y nañga gahol

at nañgahirapan ... caya nag si urong.

Sa bulaos, sapa at ibang cublihan
ng usang mailap na tubo sa parang
caya may nagtago sa gubat-gubatan
at lubhang pañganib nasapit ng buhay.

LUSINO.—Cung yao'y totoo! ñguni ng magalit
ang lahat ng cawal ay muling nag balic
at saca hinabol ang mga balauis
hangang sa S. Juan sila'y inihatid.

At sa catunayan ay aquing nacuha
reló ng capitan, at sable ni Peña
gayon ang patupat, mariquit na pipa
saca ang bursigueng macapal ang suela.

BETENG.—Lahat mong sinabi'y ualang cabuluhan
sa aquing na cuha na sadyang mainam
tigni at mambisa ang na sa catauan
puno ng galletas ibang cabuhayan.

Ang lahat ng bulsa na paliguid-liquid
sa aquing catauan ay siguic na siguic
tignan at may lata, tinapay, matamis
at may medalla pang sa dibdib pang sabit.

